KAGAWARAN NG MGA SERBISYO SA PAG-UNLAD
1215 O Street, MS 9-90
Sacramento, CA 95814
TTY: 711
(833) 421-0061

Setyembre 15, 2022

PARA SA: MGA EXECUTIVE DIRECTOR NG REGIONAL CENTER

PAKSA: PROGRAMANG SELF-DETERMINATION: MGA PAG-AAYOS SA INDIBIDWAL NA BUDGET

Inaawtorisahan ng kasalukuyang batas ang mga pag-ayos ng singil para sa ilang naka-vendor na tagapagkaloob ng serbisyo sa ilang sitwasyon kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, kung saan may pagbabago sa minimum wage ng estado at pagpapatupad ng reporma sa singil alinsunod sa Kodigo ng Kapakanan at mga Institusyon (W&I) seksyon 4519.10. Ang liham na ito ay nagbibigay ng gabay sa pag-aayos ng indibidwal na budget ng kalahok sa Programang Self-Determination (SDP) kapag mayroong mga pag-aayos sa singil para sa mga naka-vendor na tagapagkaloob ng serbisyo.

Alinsunod sa Kodigo ng W&I seksyon 4685.8(m)(1)(A)(ii), na nag-aatas ng sertipikasyon ng regional center na kung saan ang mga gastusiin para sa indibidwal na budget, kabilang ang anumang mga pag-aayos, ay mangyayari sana na hindi alintana ang pagsali ng kalahok sa SDP, maaaring ayusin ang indibdwal na budget ng kalahok sa mga sumusunod na sitwasyon:

- Pagtaas ng minimum wage ng estado
    - Maaaring itaas ang indibidwal na budget sa halagang kailangan upang gawing nakasunod ang bayad sa empleyado sa tumaas na minimum wage ng estado.

- Ang pagbabago sa mga singil para sa mga naka-vendor na serbisyo ay kinabilangan ng kalkulasyon sa indibidwal na budget
    - Mayroong pagtaas o pagbaba sa mga singil para sa mga naka-vendor na provider at/o mga serbisyong nauugnay sa mga gastusin na ginamit sa kalkulasyon ng indibidwal na budget.

- Pagbabago sa mga singil para sa naka-vendor na provider ng regional center, na nagbibigay rin ng mga serbisyo ng SDP
    - Ang kalahok ay bumibili ng mga serbisyo ng SDP mula sa provider na isa ring naka-vendor na tagapagkaloob ng serbisyo ng regional center; at
    - Ang kalahok at provider ay nagkasundo sa singil para sa mga serbisyo ng SDP na katumbas ng (o batay sa porsyento ng) itinakdang singil ng tagapagkaloob sa pamamagitan ng bendorisasyon.

Dapat makipag-ugnay ng mga konsumidor at miyembro ng pamilya sa kanilang lokal na regional center kung may mga tanong tungkol sa liham na ito. Ang mga regional center na may mga tanong ay dapat makipag-ugnay sa Kagawaran sa sdp@dds.ca.gov.

Taos-puso,

Pinirmahan ang Orihinal na Kopya ni:

BRIAN WINFIELD
Chief Deputy Director

cc: Mga Administrador ng Regional Center
Mga Direktor ng mga Serbisyo sa Konsumidor ng Regional Center
Mga Direktor ng mga Serbisyo sa Komunidad ng Regional Center
Asosasyon ng mga Ahensya ng Regional Center
Maricris Acon, Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad
Ernie Cruz, Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad
Jim Knight, Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad
Tim Travis, Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad
Vicki Smith, Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad
Suzy Requarth, Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad